

# PINAG-ISANG DISTRITO NG PAARALAN NG SAN DIEGO

## Proposisyon Z

(Ang proposisyong ito ay lilitaw sa balota sa sumusunod na anyo.)

### PROPOSISYON Z

#### Panukala ng Kaligtasan at Pagkumpuni ng Silid-aralan ng mga Paaralan ng Kapitbahayan ng San Diego.

Upang kumpunihin ang mga paaralan ng kapitbahayan at saligang batas na paaralan ng panustos na hindi maaaring kunin ng estado sa pamamagitan ng:

- Pagkukumpuni ng nasisirang 60 taon na mga silid-aralan, mga aklatan, kawad, tubo, palikuran at tumutulong mga bubong;
- Pagtatanggal ng mapanganib na amag, asbestos, at tingga;
- Pagpapabago ng mga sistema ng kaligtasan ng sunog/mga pintuan;
- Pagpapabago ng teknolohiya ng pagtuturo sa silid-aralan, mga laboratoryo at silid-aralan ng bokasyonal na edukasyon;

Magpapalabas ba ang Pinag-Isang Distrito ng Paaralan ng San Diego ng \$2.8 bilyon na mga bono sa mga legal na antas ng interes na may pangangasiwa ng mamamayan, independiyenteng mga pagsusuri ng pananalapi, walang pera para sa mga suweldo ng mga administrador at lahat ng mga pondo ay ginagastang lokal?

Nangangailangan ang proposisyong ito ng pag-apruba ng 55% ng mga botanteng boboto sa proposisyon.

Ang kumpletong teksto ng proposisyong ito ay matatagpuan pagkatapos ng mga pangangatwiran at sagot sa pangangatwiran.

### WALANG PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADONG TAGAPAYO NG COUNTY

Ang proposisyong ito, kung maaprubahan ng 55% ng mga boto sa proposisyon, ay magpapahintulot sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego ("Distrito") na magbigay at magbenta ng \$2,800,000,000 ng mga pangkalahatang obligasyong bono. Ang pagbebenta ng mga bonong ito ng Distrito ay para sa layunin ng paglikom ng pera para sa Distrito, at nagrerepresenta sa isang pagkakautang ng Distrito. Bilang kapalit ng perang natanggap mula sa mga may-ari, ang Distrito ay nangangakong magbayad sa may-ari ng mga bono ng halaga ng interes para sa isang takdang panahon, at magbayad para sa mga bono sa petsa ng pagkawala ng bisa.

Pahihintulutan din ng pag-apruba ng mga botante sa panukalang ito ang isang taunang buwis na ipapataw sa maaaring buwisang ari-arian sa loob ng Distrito. Ang layunin ng buwis na ito ay upang makalikom ng kita upang mabayaran ang prinsipal at interes sa mga bono sa isang halagang sapat upang mabayaran ang interes pagdating ng panahong dapat na itong bayaran at magbigay ng pondo upang mabayaran ang prinsipal sa o bago dumating ang takdang panahon ng pagbabayad.

Ang mga kinita mula sa pagbebenta ng mga bonong pinahihintulutan ng proposisyong ito ay maaaring gamitin ng Distrito para sa pagpapatayo, muling pagpapatayo, pagpapaayos o pagpapalit sa mga pasilidad ng paaralan, kasama ang paglalagay ng mga kagamitan at kasangkapan sa mga pasilidad ng paaralan, o ang pagkuha o pagpapaupa ng ari-arian para sa mga pasilidad ng paaralan.

Ang antas ng interes sa anumang bono, na itinakda sa panahon ng pagbibigay ng bono, ay hindi maaaring lumampas sa 12% bawat taon. Ang huling takdang petsa ng anumang bono ay hindi maaaring lumampas ng 25 taon o 40 taon pagkatapos ng petsa ng pagbibigay ng mga bono tulad ng napagpasyahan ng Distrito.

## **WALANG PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADONG TAGAPAYO NG COUNTY**

Ang buwis na pinahihintulutan ng proposisyong ito ay naaayon sa mga kinakailangan ng Konstitusyon ng California. Pinahihintulutan ng Konstitusyon ng California na maipataw ang mga buwis sa ari-arian, na mas mataas sa karaniwang isang porsyentong (1%) limitasyon, sa tunay na ari-arian upang mabayaran ang interes at mga singil sa pagtubos sa anumang pagkakautang ng bono para sa pagkuha o pagpapabuti ng ari-arian, kasama ang paglalagay ng mga kagamitan at kasangkapan sa mga pasilidad ng paaralan, kapag inaprubahan ng 55% ng mga botante kung:

- (1) ang mga kinita mula sa pagbebenta ng mga bono ay gagamitin lang para sa mga tinukoy na layunin,
- (2) inaprubahan ng Distrito, sa pamamagitan ng pagsusuri ng kaligtasan, pagbawas sa sukat ng klase, at teknolohiya ng impormasyon, ang isang listahan ng mga espesipikong proyektong popondohan,
- (3) magsasagawa ang Distrito ng taunang, independiyenteng pagsusuri sa pagganap, at
- (4) magsasagawa ang Distrito ng taunan at independiyenteng pagsusuri sa pananalapi.

Kung maaprubahan ang isang panukala sa bono, inaatas ng batas ng estado na magtatag ang Distrito ng isang independiyenteng komite ng mga nangangasiwang mamamayan. Ang Distrito ang siyang dahilan kung bakit napapailalim ang proposisyon ng balota na ito sa mga kinakailangang ito.

Hindi ginagarantiya ng pag-apruba sa proposisyong ito na ang mga iminungkahing proyekto sa Distrito na siyang paksa ng mga bonong ito ay popondohan nang lampas sa mga lokal na kinita mula sa proposisyong ito.

Ang botong "OO" ay isang botong pumapanig sa pagpapahintulot sa Distrito na magbigay at magbenta ng \$2,800,000,000 ng mga pangkalahatang obligasyong bono.

Ang botong "HINDI" ay isang botong laban sa pagpapahintulot sa Distrito na magbigay at magbenta ng \$2,800,000,000 ng mga pangkalahatang obligasyong bono.

## **PAHAYAG SA ANTAS NG BUWIS**

Magkakaroon ng eleksiyon sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego (ang "Distrito") sa Nobyembre 6, 2012, upang pahintulutan ang pagbebenta ng hanggang \$2,800,000,000 ng mga bono ng Distrito upang pondohan ang mga pasilidad ng paaralan tulad ng inilarawan sa proposisyon. Kung maaprubahan ang mga bono, umaaasa ang Distrito na maibenta ang mga bono sa anim na serye sa paglipas ng panahon. Ang prinsipal at interes sa mga bono ay babayaran mula sa mga nalikom sa mga pagpapatay ng buwis na ginawa sa maaaring buwisang ari-arian sa Distrito. Ang impormasyong ipinapakita sa mga talatang may numerong 1-3 sa ibaba ay ibinibigay bilang pagsunod sa Mga Seksyon 9400-9404 ng Kodigo sa mga Eleksiyon ng Estado ng California.

1. Ang pinakamalapit na tantya sa buwis na kakailanganing ipataw upang pondohan ang usapin sa bono na ito sa loob ng unang taong piskal pagkatapos ng pagbebenta ng unang serye ng mga bono, batay sa mga tinantyang tinasang halaga na maaaring makuha sa panahon ng paghahain ng pahayag na ito, ay anim na sentimos bawat \$100 (\$60.00 bawat \$100,000) ng tinasang halaga sa taong piskal 2013-14.
2. Ang pinakamalapit na tantya sa antas ng buwis na kakailanganing ipataw upang pondohan ang usapin sa bono na ito sa loob ng unang taong piskal pagkatapos ng pagbebenta ng huling serye ng mga bono, batay sa mga tinantyang tinasang halaga na maaaring makuha sa panahon ng paghahain ng pahayag na ito, ay anim na sentimos bawat \$100 (\$60.00 bawat \$100,000) ng tinasang halaga sa taong piskal 2021-22.
3. Ang pinakamalapit tantya sa pinakamataas na antas ng buwis na kakailanganing ipataw upang pondohan ang usapin sa bono na ito, batay sa mga tinantyang tinasang halaga na maaaring makuha sa panahon ng paghahain ng pahayag na ito, ay anim na sentimos bawat \$100 (\$60.00 bawat \$100,000) ng tinasang halaga sa taong piskal 2026-27 at bawat taon simula noon hanggang sa huling takdang panahon ng mga bono.

Ang buwis na ipapataw para sa mga Bono na pinahihintulutan ng panukalang ito ay idaragdag sa at hindi lilimitahan ng 6.67 sentimo bawat \$100 (\$66.70 bawat \$100,000) ng limitasyon sa buwis ng mga tinasang halaga na itinakda ng Proposisyon S na inaprubahan ng mga botante noong 2008.

Dapat tandaan ng mga botante na ang mga tinantyang antas ng buwis ay batay sa *TINASANG HALAGA* ng maaaring buwisang ari-arian sa Distrito tulad ng ipinapakita sa mga opisyal na listahan ng buwis ng County, *hindi* sa halaga ng ari-arian sa pamilihan. Ang mga may-ari ng ari-arian ay dapat kumonsulta sa mga sarili nilang bayarin sa buwis ng ari-arian upang matukoy ang tinasang halaga ng kanilang ari-arian at anumang naaangkop na mga pagbubukod sa buwis.

Ang nabanggit na impormasyon ay batay sa mga plano at pagtatantya ng Distrito. Pinahihintulutan ng pag-apruba sa panukala ng balota ang pagbibigay ng mga bono sa ilalim ng ilang partikular na kundisyon, at hindi ito pag-apruba sa isang partikular na antas ng buwis. Ang mga aktwal na antas ng buwis at mga taon kung kailan may bisa ang mga ito ay maaaring iba sa kasalukuyang pagtatantya dahil sa mga pagkakaiba-iba sa mga pagtatantyang ito sa panahon ng pagbebenta ng mga bono, halaga at paraan ng pagbabayad ng mga naibentang bono, mga antas ng interes sa pamilihan sa panahon ng bawat pagbebenta, at mga aktwal na tinasang halaga sa termino ng pagbabayad ng mga bono. Ang mga petsa ng pagbebenta at halaga ng paraan ng pagbabayad ng mga naibentang bono sa anumang partikular na panahon ay tutukuyin ng Distrito batay sa pangangailangan nito para sa pondo sa pagpapatayo at iba pang mga salik, kasama ang mga legal na limitasyon sa mga bono na inaprubahan ng 55% boto. Ang mga aktwal na antas ng interes kung saan ibebenta ang mga bono ay dedepende sa pamilihan ng bono sa panahon ng bawat pagbebenta. Ang mga

## **PAHAYAG SA ANTAS NG BUWIS (Ipinagpatuloy)**

aktwal na tinasang halaga sa hinaharap ay dedepende sa halaga ng ari-ariang maaaring buwisan sa loob ng Distrito tulad ng tinukoy ng Tagatasa ng County sa taunang pagtatasa at sa proseso ng pagpapantay.

William A. Kowba

Superintendente

Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego

### **PAHAYAG NA HINIHINGI NG SEKSIYON 15122.5 NG KODIGO SA EDUKASYON**

Hindi ginagarantiya ng pag-apruba sa Proposisyon Z na ang iminumungkahing proyekto o mga proyekto sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego na siyang paksa ng mga bono sa ilalim ng Proposisyon Z ay mapopondohan nang lampas sa mga lokal na kitang nalikom ng Proposisyon Z. Maaaring akuin ng mungkahi ng Distrito para sa proyekto o mga proyekto ang pagtanggap ng katumbas na mga pondo ng estado, na maaaring mapailalim sa apropyasyon ng Lehislatura o pag-apruba ng isang panukala sa bono sa buong estado.

## **PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON Z**

### **MGA PAARALAN SA KAPITBAHAYAN NG SAN DIEGO PANUKALA SA PAGPAPAAYOS AT KALIGTASAN SA SILID-ARALAN.**

**LOKAL NA PONDO PARA SA SILID-ARALAN NA HINDI MAKUKUHA NG SACRAMENTO.**

**PINIPIGILAN NG MALAWAKANG KALTAS NG ESTADO SA PONDO NG PARAALAN ANG AMING KAKAYAHANG IHANDA ANG AMING MGA ANAK PARA SA KOLEHIYO AT MGA TRABAHO SA IKA-21 SIGLO.** Ang Proposisyon Z ay nagkakaloob ng mga kailangang-kailangang pondo para sa mga paaralan sa kapitbahayan ng San Diego at kinokontratang paaralan.

**WALANG MALALAKING KABAYARAN. WALANG MGA NAKATAGONG GASTUSIN.**

Ang Proposisyon Z ay idinisenyo upang gumamit ng mga karaniwang bono, tulad ng karaniwang mortgage sa tirahan.

**MAHAHALAGANG PAGPAPAAYOS PARA SA MGA NASISIRA NANG PAARALAN.**

Maraming paaralan sa San Diego na 60+ taon na. Bukod pa rito, dahil sa mga kaltas sa pondo, napilitang ipagpaliban ang mahahalagang pagpapaayos. Ang Proposisyon Z ang magpapaayos sa mga nasisira nang silid-aralan: mag-aayos ng mga sira-sirang kable, lumang tubo at butas na bubong; at magpapaayos sa mga mapanganib na sistema ng kuryente/pagpapainit, lubak sa bangketa, sirang hagdan at banyo.

**GINAGAWANG MAS LIGTAS ANG 130,000 MAG-AARAL.**

Ang Proposisyon Z ay magtatanggal ng mga nakalalasang asbestos at amag, magpapabuti ang akses para sa may kapansanan, at mag-a-upgrade ng mga alarm para sa sunog, pintuan ng kaligtasan, sistema ng komunikasyon sa seguridad/emergency ng paaralan.

**PAGPROTEKTA SA MAHAHALAGANG PROGRAMANG PANG-AKADEMIKO. PAG-IWAS SA PAGKATANGGAL NG MGA GURO SA KANILANG TRABAHO.**

Ang Programa sa Edukasyon ng Teknolohiya ng San Diego na premyado at kinikilala sa buong bansa ay nakakatulong sa pagpapataas ng mga marka sa pagsusulit. Kung wala ang Proposisyon Z, mawawala ang mga pondo para sa programang ito.

Ang Proposisyon Z ang magpopondo sa mga pagpapaayos na karaniwang nanggagaling sa badyet sa pagpapatakbo, bagay na maglalaan ng mga pondo upang mapigilan ang pagkakatanggal sa trabaho ng mga guro at makaiwas sa mga pagkaltas sa mga programa sa matematika, agham at paghahanda sa kolehiyo.

**PANANAGUTAN/MAHIGPIT NA PROTEKSYON SA NAGBABAYAD NG BUWIS.**

- INDEPENDIYENTENG KOMITE NG MGA NANGANGASIWANG MAMAMAYAN.
- WALANG PONDONG MAPUPUNTA SA MGA SUWELDO NG MGA ADMINISTRADOR.
- TAUNAN AT INDEPENDIYENTENG PAGSUSURI.
- DETALYADONG PLANO NG PAMPUBLIKONG GASTUSIN.
- AYON SA BATAS. ANG LOKAL NA PONDO SA PAARALAN AY LOKAL DAPAT NA GASTUSIN.

**NAPAKATAAS NA PAMANTAYAN PARA SA KATAPATAN/PANANAGUTAN.**

Idinedetalye ng Buklet ng Balota ang bawat proyekto sa pagpapaayos/pag-renovate. Sinusuri ng Komite ng Nangangasiwa ang bawat gastusin. Ginagarantiya ng mga independiyenteng pagsusuri na gagastusin ang bawat dolyar ayon sa ipinangako.

**NANG MAY MGA ANTAS NG INTERES, GASTUSIN SA PAGPATAYO AT PAGTAAS NA NASA PINAKAMABABANG ANTAS NA NAITALA, MAS LALAKI ANG GAGASTUSIN KUNG MAGHIHINTAY PA.**

Samahan

*ang 7,000 Guro sa Silid-aralan*

*Tagapagtaguyod ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng San Diego\* Asosasyon ng Mga Nagbabayad ng Buwis  
na nasa Gitnang Uri*

**PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON Z (Ipinagpatuloy)**

**OO SA PROPOSISYON Z**

**Sagipin ang Mga Paaralan sa Ating Kapitbahayan**

**LOKAL NA PONDO PARA SA PAARALAN NA HINDI MAKUKUHA NG SACRAMENTO.**

<http://helpsaveourschools.com/>

LINDSAY BURNINGHAM  
Guro/Bise Presidente  
Asosasyon sa Edukasyon ng San Diego

DAVID VALLADOLID  
Presidente  
Instituto ng Magulang para sa De-kalidad  
na Edukasyon

SCOTT BARNETT  
Presidente  
Tagapagtaguyod ng Nagbabayad  
ng Buwis sa San Diego

RUEBEN LITTLEJOHN  
Hepe ng Pulisya  
Departamento ng Pulisya sa Mga Paaralan  
ng San Diego

DR. IRWIN MARK JACOBS  
Nagtatag na Tagapangulo at CEO Emeritus  
Qualcomm Inc.

# SAGOT SA PANGANGATWIRANG PUMAPANIG SA PROPOSISYON Z

## HINDI SA PROPOSISYON Z

### IKALAWANG BILYUN-BILYONG PAGTAAS NG BUWIS SA LOOB NG APAT NA TAON

Ang Distrito ng Paaralan ay may **\$1.7 bilyong pondo na hindi pa nagagastos** na natira mula sa \$2.1 bilyong pagtaas ng buwis na inaprubahan ng mga botante noong 2008. Magagamit ang perang iyon para mismo sa mga bagay na sinasabi nilang kailangan nila ngayon.

Bago hilingin sa iyo ng Distrito na halos doblehin ang kabayaran sa buwis para sa mga bono sa paaralan, hindi ba't dapat muna nilang tuparin ang kanilang mga orihinal na pangako?

### ANG NAKAKALAKING UTANG AY MAKAKABIGAT SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS SA LOOB NG ILANG DEKADA

Walang proteksyon laban sa malalaking kabayaran o pagtustos na magastos at may mataas na interes na maaaring maging triple ng pinal na gastusin sa Proposisyon Z para sa mga nagbabayad ng buwis, kanilang mga anak at kanilang mga apo.

Ginagamit na ngayon at inaabuso ng Distrito ang pagtustos na may mataas na interes. Pagdating ng panahong gagastusin na ng Distrito ang natitira sa perang inaprubahan ng mga botante noong 2008, posibleng magkahalaga ang programa sa bono ng Proposisyon Z sa mga tao ng mahigit sa **\$14 bilyon** na may kasamang interes – isang napakalaking 7 sa 1 na ratio sa serbisyo sa pagpapautang. Bumoto ng HINDI upang maiwasan ang mapanganib na sistema ng pagtustos at napakalaking utang na kaakibat nito.

### KASAYSAYAN NG MALING PANGANGASIWA SA PANANALAPI

Inamin ng Superintendente na walang ideya ang Distrito kung paano babayaran ang Proposisyon Z, at sinabi niya: "Wala kaming nabuong pampinansyang plano para sa hinaharap."

Huwag pagkatiwalaan ang Distrito ng Paaralan sa isa pang bilyun-bilyong pagtaas ng buwis matapos silang mabigong magsagawa ng sapat na pagpapalano, nabigong maging tapat at nabigong pamahalaan ang perang hawak nila.

**BUMOTO NG HINDI sa PROPOSISYON Z.** Masyado itong malaking peligro para sa atin at sa ating mga anak.

GLEN SPARROW  
Propesor Emeritus, SDSU

ROZANNA ZANE  
Magulang at May-ari ng Maliit na Negosyo

DOUGLAS GRAY  
Dating Miyembro ng Komite ng Nangangasiwa sa Bono

DAVID PAGE  
Tagapagtaguyod ng Magulang

CHRIS CATE  
Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis ng County ng San Diego

## PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON Z

### Halos dinodoble ang iyong buwis sa ari-arian para sa mga bono sa paaralan

Heto na naman tayo. Apat na maiikling taon ang nakalipas, nangako ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego na kung ipapasa natin ang Proposisyon S at patataasin ang ating mga buwis nang \$2.1 bilyon, makakapagpatayo ng mga bagong pasilidad at matutugunan ang ipinagpalibang pagpapaayos.

Gumastos na ang Distrito ng kulang-kulang 25 porsyento ng \$2.1 bilyong dolyar na programa sa bono at ngayon, nais nitong taasan MULI ang inyong buwis sa ari-arian upang magkaroon ito ng 2.8 bilyon pang dolyar!

Ang Proposisyon Z ay mangangahulugang ang mga nagbabayad ng buwis ay matatali sa halos **\$5 BILYON** sa mga pagtaas ng buwis sa loob lang ng apat na taon, hindi kasama ang interes. Halos **DINODOBLE NG PROPOSISYON Z ANG BUWIS** na binabayaran ninyo para sa inyong mga bono sa paaralan. Bago humiling ng ISA PANG pagtaas ng buwis, kailangan nilang tapusin ang mga proyektong ipinangako nila sa mga botante.

### Sobra na

May dalawa pang ibang panukala sa buwis sa kita sa buong estado, isang buwis sa pagbebenta, isang pagtaas sa buwis sa negosyo dagdag pa ang pagpapataas ng Proposisyon Z sa ating mga lokal na buwis sa ari-arian sa balota. Hindi ngayon ang panahon upang pahirapan ang mga nagbabayad ng buwis sa napakaraming pagtaas ng buwis!

### Sinasayang ang pera ng nagbabayad ng buwis

Gagamit ang Distrito ng napakamahal at pangmatagalang pagtustos upang makapagbayad ng teknolohiya tulad ng mga laptop at router na magagamit lang sa loob ng 7 taon. Ang pagtustos sa ganoong kagamitan sa loob ng 30 taon ay pagsasayang ng pera ng nagbabayad ng buwis.

### Walang totoong proteksyon o pananagutan

Hindi pinoprotektahan ng Proposisyon Z ang mga nagbabayad ng buwis. Walang bagay sa panukala na pumipigil sa lupon ng paaralan na kumuha ng utang na may mataas na interes, bagay na magresulta sa pagtriple ng gastusin ng Proposisyon Z para sa mga nagbabayad ng buwis. Tila kalabisan? Kasalukuyan nang ginagamit at inaabuso ng Distrito ang ganitong uri ng magastos na pagtustos.

Hindi dapat natin pagkatiwalaan ang Distrito sa \$2.8 bilyon pang pagtaas ng buwis.

**BUMOTO NG HINDI sa PROPOSISYON Z.** Sabihin sa Distrito na tuparin muna ang mga pangako nito mula sa huling pagtaas ng buwis bago humingi ng mas marami pang pera.

LANI LUTAR  
Presidente at CEO  
Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis ng County ng San Diego

RUSSELL BUCKLEY  
Retiradong Guro

DEBRA O'TOOLE  
Presidente ,  
Mga Magulang para sa De-kalidad na Edukasyon

DENISE D. FALKENTHAL  
Dating Presidente ng PTA

DONNA CLEARY  
Dating Presidente ng Samahan ng Magulang/  
Miyembro ng Komite ng Mga Paaralan



# SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON Z

## MALI ANG IMPORMASYON NG MGA KATUNGGALI.

**WALANG PANGMATAGALAN AT MAY MATAAS NA INTERES NA MGA BONONG "ESTILO NG POWAY". KARANIWANG PAGTUSTOS LANG ANG PINAHIHINTULUTAN.**

### **MATITIBAY NA PROTEKSYON SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS.**

- Ang lahat ng pondo, ayon sa batas, ay lokal na ginagastos.
- Iniisa-isa ng mga taunan at independiyenteng pagsusuri ang bawat barya.
- Sinusuri ng Independiyenteng Komite ng Nangangasiwa, kasama ang pagkatawan sa Nagbabayad ng Buwis (ayon sa batas), ang mga gastusin.
- Ganap na katapatan. Bawat isang proyekto sa Balota at On-Line.
- Pondo na HINDI makukuha ng Sacramento!

Iyan ang dahilan kung bakit sinusuportahan ng *Tagapagtaguyod ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng San Diego* at *Asosasyon ng Mga Nagbabayad ng Buwis na nasa Gitnang Uri* (ang pinakamalaking samahan ng nagbabayad ng buwis ng San Diego) ang Proposisyon Z.

### **MGA PROPOSISYON S AT Z. MAHAHALAGANG PAGPAPAAYOS. GINAGAWANG MAS LIGTAS ANG 130,000 MAG-AARAL.**

Ang mga tagalabas na mga arkitekto/kontratista ay tumukoy ng \$7+ bilyon para sa pagpapaayos sa 200+ paaralan sa kapitbahayan. Kapag pinagsama-sama, ang mga bonong ito ay:

- Mag-aayos ng mga butas na tubo, lumang bubong at mapanganib na sistema ng kuryente.
- Magtatanggal ng nakalalasang asbestos.
- Magpapaayos ng mga alarm para sa sunog/pintuan ng kaliqtasan/sistema ng seguridad ng paaralan.

### **MGA IPINANGAKO. MGA TINUPAD.**

Ayon sa Independiyenteng Komite ng mga Nangangasiwang Mamamayan ang mga proyekto sa bono ng Proposisyon S ay nakumpleto nang pasok sa badyet.

Nagkamit ang Mga Paaralan ng San Diego ng **3 Gawad ng "Golden Watchdog" sa Asosasyon ng Nagbabayad ng Buwis** dahil sa mabisang pamamahala sa pananalapi at pagprotekta sa mga Nagbabayad ng Buwis.

### **PROTEKTAHAN ANG PROGRAMA SA TEKNOLOHIYA NA KINIKILALA SA BUONG BANSA.**

**Sinimulan ng Proposisyon S ang Programa sa Teknolohiya sa Silid-aralan ng San Diego.** Tumataas ang mga marka sa pagsusulit bawat taon simula noon. Kung wala ang Proposisyon Z, mawawala ang pondo sa Teknolohiya.

### **PONDONG HIGIT NA KINAKAILANGAN NG MGA PAARALAN.**

Ang Proposisyon Z ay makakatulong na maiwasan ang pagkakatanggal sa trabaho ng mga guro at maprotektahan ang mga programa sa matematika, agham/paghahanda sa kolehiyo.

Mga antas ng interes/mga gastusin sa pagpapatayo na nasa pinakamababang naitala. **Milyun-milyon pa ang gagastusin kapag ipinagpaliban ang mga pagpapaayos – mga pondong kailangan ng mga paaralan upang mapanatili ang mga guro at mabigyan ng edukasyon ang mga bata.**

Samahan

*ang 7,000 Guro sa Silid-aralan \* Mga Magulang ng 130,000 Mag-aaral  
Tagapagtaguyod ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng San Diego \* Asosasyon ng Mga Nagbabayad ng Buwis  
na nasa Gitnang Uri*

OO SA PROPOSISYON Z.

Sagipin ang Mga Paaralan sa Ating Kapitbahayan

**LOKAL NA PONDO PARA SA PAARALAN NA HINDI MAKUKUHA NG SACRAMENTO.**

<http://helpsaveourschools.com/>

JIM MAHLER  
Guro/Presidente  
Pederasyon ng mga Gurong Amerikano

JESUS MONTANA  
Presidente  
Asosasyon ng mga Opisyal ng Pulisya sa Mga  
Paaralan ng San Diego

KIA NERI  
Magulang/Presidente  
Asosasyon ng Magulang at Guro (PTA)

MEL KATZ  
Kasosyo (35 taon), Manpower San Diego  
Dating Tagapangulo, Kamara de Komersiyong  
Rehiyon ng San Diego (1991-92)

JOHN A. GORDON  
Tagapangulo, Komite ng Pananalapi  
Independiyenteng Komite ng mga Nangangasiwang Mamamayan

## **EKSIBIT A**

### **BUONG TEKSTO NG PROPOSISYON**

#### PANUKALA NG KALIGTASAN AT PAGKUMPUNI NG MGA SILID-ARALAN NG MGA PAARALAN NG KAPITBAHAYAN NG SAN DIEGO 2012

Ang Proposisyon na ito ay maaaring kilalanin at tukuyin bilang ang "Panukala ng Kaligtasan at Pagkumpuni ng mga Silid-Aralan ng mga Paaralan ng Kapitbahayan ng San Diego 2012" o bilang "Proposisyon Z"

#### AWTORISASYON NG BONO

Upang magkaloob ng panustos para sa espesipikong mga proyekto ng mga pasilidad ng paaralan na nakalista sa Listahan ng Proyekto ng Bono sa ibaba, at upang maging karapat-dapat na tumanggap ng panumbas na gawad ng Estado na mga pondo, at sa pag-apruba ng proposisyon na ito ng hindi bababa sa 55% ng mga rehistradong botanteng bumoboto sa proposisyon, aawtorisahan ba ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego na magpalabas at magbenta ng mga bono hanggang sa \$2,800,000,000 sa kabuuang prinsipal na halagang sumasailalim sa lahat ng mga pananggalang ng pananagutan na inisa-isa sa ibaba?

Ang Estado ng California ay walang makabatas na awtoridad na kumuha ng mga pondo ng bono ng distrito ng paaralan na inapubahang lokal para sa anumang layunin ng Estado. Ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisahan ng proposisyon na ito ay gagamitin lamang para sa pagpapatayo, muling pagpapatayo, rehabilitasyon, o pagpapalit ng mga pasilidad ng paaralan, kabilang ang paglalagay ng muwebles at kasangkapan ng mga pasilidad ng paaralan, o ang pagkuha o pag-upa ng ari-arian para sa mga pasilidad ng paaralan, at hindi para sa anumang ibang layunin, kabilang ang mga suweldo ng guro at administrador at iba pang mga gastos ng pagpapatakbo sa paaralan. Ang mga nalikom mula sa mga bono ay maaaring gamitin upang bayaran o ibalik ang binayaran ng Distrito para sa gastos ng tauhan ng Distrito kapag nagtatrabaho para sa o kailangan at kaugnay sa mga proyekto ng bono.

#### MGA PANANGGALANG SA PANANAGUTAN

Ang mga pagtatakda ng seksiyon na ito ay sinadyang isinali sa proposisyon na ito upang ang mga botante at nagbabayad ng buwis ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego ay maaaring makasiguro na ang kanilang pera ay gagamitin ng wasto upang talakayin ang mga espesipikong pangangailangan ng pasilidad ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego, lahat sumusunod sa mga pag-aatas ng Artikulo XIII A, Seksyon 1(b)(3) ng Konstitusyon ng Estado, at ang Batas ng Mahigpit na Pananagutan sa mga Bono ng Konstruksiyon ng Lokal na Paaralan ng 2000 (Kodigo ng Edukasyon ng mga Seksyon 15264 at sumusunod).

Pagsusuri ng mga Pangangailangan. Ang Lupon ng Edukasyon ay naghanda ng isang binagong plano ng mga pasilidad upang masuri at talakayin ang lahat ng mga pangangailangan sa mga pasilidad ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego sa bawat kampus at pasilidad, at upang matiyak kung aling mga proyekto ang tutustusan mula sa isang lokal na bono sa panahong ito. Ang Lupon ng Edukasyon ay sa pamamagitan nito nagpapatunay na sinuri nito ang mga pangangailangan sa kaligtasan, pagbawas ng sukat ng klase at teknolohiya ng impormasyon sa pagtataguyod ng Listahan ng Proyekto ng Bono.

Limitasyon ng Pagpapalabas ng Bono. Ang Distrito ay inaatasan ng batas na gawin ang kanyang pinakatamang mga pagtatasa sa kinakailangang antas ng buwis ng ari-arian na ad valorem na ipapataw sa lahat ng mga maaaring buwisang ari-arian sa Distrito upang bayaran ang serbisyo ng bono sa mga iminungkahing bono. Ang mga pagtatantiya ng Distrito sa antas ng buwis ay lumilitaw sa Pahayag ng Antas ng Buwis na kinakailangang ibigay ng Tagapagrehistro sa Pamplet ng Impormasyon ng Botante na ipinadala sa mga botante kaugnay sa eleksiyon. Ang limitasyon na nilalaman sa Proposisyon S, na inapubahan ng mga botante noong Nobyembre 4, 2008, ay hindi umuukol sa mga bono ng Distrito na inawtorisahan at ipinalabas alinsunod sa isang eleksiyong ginanap pagkatapos ng petsa ng pag-apruba sa

Proposisyon S, at ang antas ng buwis na ipapataw upang maabot ang mga pag-aatas ng serbisyo ng utang sa mga iminungkahing bonong ipapalabas sa ilalim nito, tulad ng tinantiya sa Pahayag ng Antas ng Buwis, ay magiging dagdag sa at hindi kasama sa mga pagtataya na kaugnay sa hangganan ng antas ng buwis ng Proposisyon S.

Komite ng mga Independiyenteng Nangangasiwang Mamamayan. Ang Lupon ng Edukasyon ay magtatatag ng isang Komite ng mga independiyenteng Nangangasiwang Mamamayan (alinsunod sa Kodigo ng Edukasyon Seksyon 15278 at sumusunod), upang matiyak na ang mga nalikom sa bono ay gagamitin lamang para sa mga proyekto ng mga pasilidad ng paaralan na nakalista sa Listahan ng Proyekto ng Bono. Ang komite ay itatag sa loob ng 60 araw ng petsang kung kailan ang mga resulta ng eleksiyon ay lilitaw sa mga katitikan ng Lupon ng Edukasyon. Ang Komite ay maaaring buuin ng parehong mga miyembro ng Komite ng mga Nangangasiwang Mamamayan para sa Proposisyon S.

Taunang mga Pagsusuri ng Paggawa. Ang Lupon ng Edukasyon ay magsasagawa ng isang taunan, independiyenteng pagsusuri ng paggawa upang masiguro na ang mga nalikom sa bono ay ginastos lamang sa mga proyekto ng mga pasilidad ng paaralan na nakalista sa Listahan ng Proyekto ng Bono.

Taunang mga Pagsusuri ng Pananalapi. Ang Lupon ng Edukasyon ay magsasagawa ng isang taunan, independiyenteng pagsusuri ng pananalapi ng mga nalikom sa bono hanggang sa lahat ng mga nalikom na ito ay nagastos na para sa mga proyekto ng mga pasilidad ng paaralan na nakalista sa Listahan ng Proyekto ng Bono.

Taunang Ulat sa Lupon ng Espesyal na Akawnt ng mga Nalikom sa Bono. Sa pag-apruba ng proposisyong ito at pagbebenta ng anumang mga bono na inaprubahan, ang Lupon ng Edukasyon ay magsasagawa ng anumang kinakailangang hakbang alinsunod sa Kodigo ng Gobyerno Seksyon 53410 at sumusunod upang magtatag ng isang akawnt kung saan idedeposito ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bono. Habang ang anumang mga nalikom sa mga bono ay nananatiling hindi nagagastos, ang Superintendente ng Distrito ay kikilos upang magtala sa Lupon ng ulat hindi tatagal sa Disyembre 31 ng bawat taon, simula sa Disyembre 31, 2013, na nagsasaad sa (1) halaga ng natanggap na nalikom mula sa bono at ginastos sa taong iyon, at (2) ang kalagayan ng anumang proyektong pinondohan o popondohan mula sa mga nalikom sa bono. Ang ulat ay maaaring kaugnay sa taon ng kalendaryo, taong piskal, o anumang ibang angkop na taunang panahon tulad ng pagpapasiyahan ng Superintendente, at maaaring isama sa taunang badyet, pagsusuri, o ibang naaangkop na karaniwang ulat sa Lupon.

## LISTAHAN NG PROYECTO NG BONO

Ang Listahan ng Proyekto ng Bono sa ibaba ay naglalarawan ng espesipikong mga proyekto na iminumungkahi ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Diego na tustusan sa mga nalikom ng mga bono. Ang mga nakalistang proyekto ay tatapusin kapag kailangan sa isang partikular na lugar ng paaralan ayon sa mga kaunahang itinatag ng Lupon, at ang ayos kung saan lilitaw ang mga proyekto sa Listahan ng Proyekto ng Bono ay hindi isang pahiwatig ng kaunahan para sa pagpopondo o pagtatapos. Ang pangwakas na halaga ng bawat proyekto ay ipapasiya habang tinatapos ang mga plano, ang mga tawad ng konstruksiyon ay iginawad, at ang mga proyekto ay tinatapos. Ang ilang mga pondo ng konstruksiyon na inaasahan mula sa mga pinanggagalingang hindi bono, kabilang ang mga pondong gawad ng Estado para sa mga karapat-dapat na proyekto, ay hindi pa natitiyak. Hangga't hindi nalalaman ang lahat ng mga halaga ng proyekto at panggagalingang ng pagpopondo, ang Lupon ng Edukasyon ay hindi maaaring makapagsabi sa halaga ng mga nalikom ng bono na maaaring gugulin sa bawat proyekto, ni hindi magagarantiyahan na ang mga bono ay magbibigay ng sapat na mga pondo upang pahintulutan ang pagtatapos ng lahat ng mga nakalistang proyekto. Ang pagtatapos ng ilang mga proyekto ay maaaring sumailalim sa higit pang mga pag-aprubang pampamahalaan ng mga opisyal ng Estado at mga lupon, sa pagsusuring lokal na pangkapaligiran, at kuro-kuro mula sa publiko. Dahil sa mga dahilang ito, ang pagsama ng isang proyekto sa Listahan ng Proyekto ng Bono ay hindi isang garantiya na ang proyektong ito ay popondohan o matatapos. Ang Lupon ng Edukasyon ay maaaring gumawa ng mga pagbabago sa Listahan ng Proyekto ng Bono sa hinaharap katugma ng mga proyektong inisa-isa sa proposisyon.

## UNANG BAHAGI:

Mga Proyekto Para sa Lahat ng mga Paaralan Maliban kung ipinahayag na iba, ang sumusunod na mga proyekto ay inaawtorisang kumpletuhin kapag kailangan sa bawat isa o anumang mga lugar ng Distrito ng paaralan:

### Pagkumpuni at Pagpapalit sa mga Sistema ng Gusali

- Kumpletong malalaking pagkumpuning pangkuryente, impraestruktura, tubo, imburnal, pang-istruktura, HVAC, at paghahardin, mga pagpapabago at pag-aayos sa mga lugar ng paaralan na kabilang ngunit hindi niilimitahan sa:
  - Palitan o baguhin ang napaglumaang mga sistemang pangkuryente, kupas na mga panel ng kawad at kuryente,
  - Kumpunihin o palitan ang nasisirang mga sistema ng tubo at pang-ilalim-ng-lupang imburnal,
  - Kumpunihin o palitan ang luma, tumutulo na mga bubong,
  - Kumpunihin o palitan ang napaglumaang, hindi masinop na sistema ng pagpapainit, bentilasyon at pagpapalamig ng hangin upang makatipid ng enerhiya at bawasan ang mga halaga ng pagpapanatili,
  - Ayusin o muling ibalik ang mga panloob at panlabas na kintab at kagamitang ng gusali,
  - Kumpunihin o palitan ang may lamat at basag na kongkretong mga bangketa, hardscape at panlabas na impraestruktura,
  - Ayusin ang ibabaw, kumpunihin o baguhin ang mga asphaltong paradahan at lugar ng palaruan, at
  - Ayusin o palitan ang mga pintuan at bintana.

### Mga Pagbabago sa Paaralan upang Suportahan ang Pagkatuto at Pag-aaral ng Estudyante

- Magkaloob ng pinakamakabagong teknolohiya sa silid-aralan at pagtuturo na kinakailangan para sa pag-aaral ng estudyante at pagtuturo sa ika-21 siglo,
- Baguhin at palawakin ang mga sistema ng impormasyon at teknolohiya sa loob ng buong Distrito upang suportahan ang mga silid-aralan ng ika-21 siglo, masinop na pamamalakad, mga serbisyo ng estudyante at magulang,
- Baguhin ang may kawad at walang kawad na impraestruktura at kagamitan upang suportahan ang mga sistema ng teknolohiya at gamitin ang mga panumbas na pondo ng pederal at estado para sa mga programa ng teknolohiya ng paaralan, at
- Baguhin ang teknolohiya ng pagtuturong pangsilid-aralan at mga gamit ng pag-uugnayan ng estudyante.

### Mga Pagbabago sa Pasilidad ng Edukasyong Pangkolehiyo, Pangkarera at Pangteknika

- Baguhin at palawakin ang mga silid-aralan, laboratoryo, at espesyalisadong mga pasilidad para sa mga programa ng teknolohiyang pangkarera at bokasyonal.

### Mga Pagbabago sa Paaralan Upang Suportahan ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante

- Palitan ang kumupas na mga alarma ng sunog at napaglumaang mga sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya,
- Alisin, muling remedyuhin at bawasan ang asbestos, amag, at iba pang maaaring maging mapanganib na mga bagay,
- Magkaloob ng mga pagpapabago sa seguridad ng lugar ng paaralan, kabilang ang pinaraming ilaw, bakod, at mga pananggalang laban sa paninira at panghihimasok,
- Baguhin o pagpapalamig ng hangin para sa mga paaralang matatagpuan sa mga lugar na mas mainit,
- Baguhin at palakihin ang mga lugar ng serbisyo ng pagkain at mga kusina ng mga estudyante upang pag-iigihin ang akses ng estudyante sa iba-ibang uri ng mga pagkaing masustansiya,
- Ayusin ang integridad ng istrukturang panglindol ng mga gusali ng paaralan upang mas maiging protektahan ang mga estudyante at tauhan kapag nagkalinol, at

- Muling ayusin ang paglisan sa ikalawang palapag upang mapabuti ang kaligtasan ng pagpasok at paglabas ng mga estudyante.

#### Pag-igihin ang Aksesibilidad ng Paaralan at mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo

- Pag-igihin ang aksesibilidad para sa mga taong may kapansanan upang sumunod sa Batas ng Mga Amerikanong May Kapansanan (ADA) at Titulo 24,
- Isamoderno at ayusin o palakihin ang mga palikuran upang mapabuti ang aksesibilidad,
- Isamoderno at ayusin ang mga pasilidad ng pisikal na edukasyon, mga palaruan at bakuran upang sumunod sa Titulo IX na mga pag-aatas ng kapantayan ng kasarian, at
- Ayusin ang nalulumang naililipat na mga silid-aralan upang sumunod sa mga pag-aatas ng kodigo.

#### Kasinupan at Kapanatilihan ng Enerhiya

- Magkabit ng mga sistema ng pag-iilaw na masinop sa enerhiya (LED/ploresent) na nakakaramdam kapag may tao,
- Magkabit ng mga sistema ng solar na ilawan,
- Damihan ang insulasyon ng gusali at mga bintanang dobleng kapal,
- Palitan ang lumang hindi masinop na mga sistema ng mekanikal at sentral na pagkontrol ng mga sistemang masinop sa enerhiya,
- Bumili at magkabit ng mga solar panel at iba pang mga gamit upang makakuha ng kuryente mula sa araw kung saan maaari,
- Maglagay ng mga mapanglikhang sistema upang makakuha ng enerhiya at/o mabawasan ang konsumo,
- Magkabit ng mga sistema ng nareresaykel na tubig para sa irigasyon at gumawa ng mga koneksiyon sa mga pinagkukunan ng nareresaykel na tubig para sa mga layuning pang-irigasyon kung saan maaari, at
- Magkabit ng masinop sa pagtitipid-sa-tubig na mga kubeta at mga kasangkapan.

#### May Kalidad na mga Paaralang Pangkapitbahayan

- Magplano, kumuha ng ari-arian para sa at magtayo ng bagong mga silid-aralan at pasilidad ng paaralan upang makayanan ang dami ng nakatalang estudyante sa mga paaralang pangkapitbahayan, kabilang dito ay makayanan ang paglaki sa sumusunod na kumpol na mga lugar ng paaralan: Kumpol ng Mataas na Paaralan ng Clairemont, kumpol ng Mataas na Paaralan ng Crawford, kumpol ng Mataas na Paaralan ng Henry, kumpol ng Mataas na Paaralan ng Hoover, kumpol ng Mataas na Paaralan ng Kearny, kumpol ng Mataas na Paaralan ng La Jolla, kumpol ng Mataas na Paaralan ng Lincoln, kumpol ng Mataas na Paaralan ng Madison, kumpol ng Mataas na Paaralan ng Mira Mesa, kumpol ng Mataas na Paaralan ng Mission Bay, kumpol ng Mataas na Paaralan ng Morse, kumpol ng Mataas na Paaralan ng Point Loma, kumpol ng Mataas na Paaralan ng San Diego, kumpol ng Mataas na Paaralan ng Scripps Ranch, kumpol ng Mataas na Paaralan ng Serra at kumpol ng Mataas na Paaralan ng University City,
- Ayusin ang kasalukuyang hindi sapat na mga silid-aralan at mga pasilidad ng pagsuporta,
- Baguhin o magtayo ng mga gusali ng paaralan, pasilidad, paradahan, at mga istruktura upang makayanan ang mga pangangailangan sa mga paaralang pangkapitbahayan,
- Magkaloo, palakihin o baguhin ang mga pasilidad upang makayanan ang mga pangangailangan ng mga estudyante ng espesyal na edukasyon,
- Baguhin at maglagay ng mga palaruan para sa pinagsamang paggamit ng mga estudyante at kapitbahayan sa Lunsod ng San Diego,
- Itaguyod o pagbutihin ang mga pasilidad ng edukasyon, paglilibang at/o pinagkukunang-yaman ng komunidad para sa pinagsamang paggamit upang suportahan ang mga estudyante at mga pamilya ng kapitbahayan,
- Alisin o palitan ang luma o hindi sapat na mga gusali ng mga bagong pasilidad,
- Alisin ang sobrang mga gusali ng naililipat na silid-aralan upang bawasan ang halaga ng mga utilidad at pagpapanatili,

- Pagandahin ang mga pasilidad ng nakikita at gumagawang mga sining,
- Baguhin ang mga pasilidad ng pisikal na edukasyon, atletiko at damo ng palaruang damuhan,
- Damihan ang kapasidad ng silid-aralan at mga pasilidad ng paaralan upang makayanan ang inaasahang mga pangangailangan ng paglaki ng lugar,
- Damihan ang kapasidad ng silid-aralan, laboratoryo ng agham/teknolohiya at mga pasilidad ng paaralan upang makayanan ang inaasahang mga pangangailangan,
- Palakihin at itaguyod ang mga pasilidad ng edukasyon ng agham upang suportahan ang mga estudyante para sa pinagsamang paggamit, at
- Palakihin o itaguyod ang mga pasilidad ng pinagsamang paggamit pang-atletiko.

#### Paglaki

- Magtayo ng mga pasilidad ng paaralan upang makayanan ang inaasahang paglaki sa mga lugar ng kumpol ng mataas na paaralan.

#### Mga Pondo ng Lugar ng Paaralan at Silid-aralan

- Maglaan sa bawat paaralang elementarya, panggitna at mataas na paaralan ng \$200 bawat estudyante (bilang "mga pondong magagamit sa lugar") na magagastos sa karapat-dapat, pinapayagang mga proyektong mananatiling pag-aari ng Distrito.

#### IKALAWANG BAHAGI:

Mga Proyekto ng Lugar ng Paaralan: Maliban kung ipinahayag na iba, ang sumusunod na mga proyekto ay inaaawtorisahang makumpleto kapag kailangan sa mga sumusunod na lugar ng paaralan:

#### **Paaralang Elementarya ng Adams**

##### Pagkumpuni at Pagpapalit sa mga Sistema ng Gusali

- Ayusin o palitan ang nasira o nabasag na mga hardscape at panlabas na impraestruktura
- Ayusin o palitan ang nasirang mga bubungan
- Ayusin o palitan ang nasisirang mga sistema ng tubo at pang-ilalim-ng-lupang imburnal
- Ayusin o muling ibalik ang mga panloob at panlabas na kintab at mga kagamitan ng silid-aralan at gusali
- Ayusin, palitan ang luma o nasirang mga pintuan at bintana
- Palitan ang napaglumang sistema ng mga kasangkapang pangkuryente
- Pagpapalit ng lumang mga gamit ng ilawan at mga pangsindi ng ilaw na ploresent

##### Mga Pagbabago sa Paaralan Upang Suportahan ang Pagkatuto at Pag-aaral ng Estudyante

- Magkaloob ng pinakamakabagong teknolohiya sa silid-aralan at pagtuturo na kinakailangan para sa pag-aaral ng estudyante at pagtuturo sa ika-21 siglo
- Baguhin ang may kawad at walang kawad na impraestruktura at kagamitan upang suportahan ang mga sistema ng teknolohiya at gamitin ang mga panumbas na pondo ng pederal at estado para sa mga programa ng teknolohiya ng paaralan

##### Mga Pagbabago sa Paaralan Upang Suportahan ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante

- Magkaloob ng mga pagpapabago sa seguridad ng lugar ng paaralan, kabilang ang pinaraming ilaw, bakod, at mga pananggalang laban sa paninira at panghihimasok
- Baguhin at magkabit ng pagpapalamig ng hangin para sa mga paaralang matatagpuan sa sona ng klima 2
- Palitan ang kumupas na mga alarma ng sunog at baguhin ang mga sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya

##### Pag-iigihing aksesibilidad ng Paaralan at mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo

- Pag-iigihing aksesibilidad para sa mga taong may kapansanan at sumunod sa Batas ng Mga Amerikanong May Kapansanan (ADA) at Titulo 24

## **Paaralan ng ALBA @North Park**

### Paqkumpuni at Pagpapalit sa mga Sistema ng Gusali

- Palitan ang may lamat/basag na kongkretong panlabas at impraestruktura
- Ayusin o muling baguhin ang ibabaw ng mga kapatagan ng paradahan at palaruang nabubulok
- Ayusin o palitan ang nasisirang mga sistema ng tubo at pang-ilalim-ng-lupang imburnal
- Ayusin o muling ibalik ang mga panloob at panlabas na kintab at kagamitan ng silid-aralan at gusali
- Ayusin o palitan ang mga sistema ng bubungan
- Palitan o baguhin ang luma o basag na mga pintuan at bintana
- Pagpapalit ng lumang mga gamit ng ilawan at mga pangsindi ng ilaw na ploresent
- Baguhin o palitan ang may kakulangan na mga kasangkapan ng sistemang pangkuryente

### Mga Pagbabago sa Paaralan Upang Suportahan ang Pagkatuto at Pag-aaral ng Estudyante

- Magkaloob ng pinakamakabagong teknolohiya sa silid-aralan at pagtuturo na kinakailangan para sa pag-aaral ng estudyante at pagtuturo sa ika-21 siglo
- Baguhin ang may kawad at walang kawad na impraestruktura at kagamitan upang suportahan ang mga sistema ng teknolohiya at gamitin ang mga panumbas na pondo ng pederal at estado para sa mga programa ng teknolohiya ng paaralan

### Mga Pagbabago sa Pasilidad ng Edukasyong Pangkolehiyo, Pangkarera at Pangteknika

- Magtayo ng mga pasilidad ng edukasyong pangkolehiyo, pangkarera at pangteknika

### Mga Pagbabago sa Paaralan Upang Suportahan ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante

- Magkaloob ng mga pagpapabago sa seguridad ng lugar ng paaralan, kabilang ang pinaraming ilaw, bakod, at mga pananggalang laban sa paninira at panghihimasok
- Baguhin at magkabit ng pagpapalamig ng hangin para sa mga paaralang matatagpuan sa sona ng klima 2
- Palitan ang kumupas na mga alarma ng sunog at baguhin ang mga sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya

### Pag-igihin ang Aksesibilidad ng Paaralan at mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo

- Pag-igihin ang aksesibilidad para sa mga taong may kapansanan at sumunod sa Batas ng Mga Amerikanong May Kapansanan (ADA) at Titulo 24

## **Paaralang Elementarya ng Alcott**

### Paqkumpuni at Pagpapalit sa mga Sistema ng Gusali

- Ayusin ang nasirang panloob at panlabas na mga kintab at kagamitan
- Ayusin o palitan ang nasirang mga bubungan
- Ayusin, palitan ang kupas o nasirang mga pintuan at bintana
- Palitan ang napaglumaang sistema ng mga kasangkapan pangkuryente
- Palitan o ayusin ang kongkretong mga bangketa at iba pang mga panlabas na impraestruktura na nabubulok
- Pagpapalit ng lumang mga gamit ng ilawan at mga pangsindi ng ilaw na ploresent
- Baguhin ang lumang mga sistema ng tubo at imburnal

### Mga Pagbabago sa Paaralan Upang Suportahan ang Pagkatuto at Pag-aaral ng Estudyante

- Magkaloob ng pinakamakabagong teknolohiya sa silid-aralan at pagtuturo na kinakailangan para sa pag-aaral ng estudyante at pagtuturo sa ika-21 siglo
- Baguhin ang may kawad at walang kawad na impraestruktura at kagamitan upang suportahan ang mga sistema ng teknolohiya at gamitin ang mga panumbas na pondo ng pederal at estado para sa mga programa ng teknolohiya ng paaralan



### Mga Pagbabago sa Paaralan Upang Suportahan ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante

- Magkaloob ng mga pagpapabago sa seguridad ng lugar ng paaralan, kabilang ang pinaraming ilaw, bakod, at mga pananggalang laban sa paninira at panghihimasok
- Palitan ang kumupas na mga alarma ng sunog at baguhin ang mga sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya

### Pag-igihin ang Aksesibilidad ng Paaralan at mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo

- Pag-igihin ang aksesibilidad para sa mga taong may kapansanan at sumunod sa Batas ng Mga Amerikanong May Kapansanan (ADA) at Titulo 24
- Ayusin ang nalulumang naililipat na mga silid-aralan upang sumunod sa mga pag-aatas ng kodigo

### **Paaralang Elementarya ng Angier**

#### Pagkumpuni at Pagpapalit sa mga Sistema ng Gusali

- Palitan ang may lamat/basag na kongkretong panlabas at impraestruktura
- Ayusin ang nasirang panloob at panlabas na mga kintab at kagamitan
- Baguhin ang luma/nasirang mga sistemang pangkuryente, kawad at mga panel
- Takpan, ayusin, palitan ang mga kasangkapan ng bubungan ng gusali
- Ayusin, palitan ang mga sistema ng tubo at nasirang imburnal
- Ayusin, palitan ang kupas o nasirang mga pintuan at bintana
- Palitan o baguhin ang mga sistema ng tunog at pampublikong pagpapahayag ng awditoryo
- Pagpapalit ng alpombra
- Pagpapalit ng lumang mga gamit ng ilawan at mga pangsindi ng ilaw na ploresent

### Mga Pagbabago sa Paaralan Upang Suportahan ang Pagkatuto at Pag-aaral ng Estudyante

- Magkaloob ng pinakamakabagong teknolohiya sa silid-aralan at pagtuturo na kinakailangan para sa pag-aaral ng estudyante at pagtuturo sa ika-21 siglo
- Baguhin ang may kawad at walang kawad na impraestruktura at kagamitan upang suportahan ang mga sistema ng teknolohiya at gamitin ang mga panumbas na pondo ng pederal at estado para sa mga programa ng teknolohiya ng paaralan

### Mga Pagbabago sa Paaralan Upang Suportahan ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante

- Magkaloob ng mga pagpapabago sa seguridad ng lugar ng paaralan, kabilang ang pinaraming ilaw, bakod, at mga pananggalang laban sa paninira at panghihimasok
- Baguhin at magkabit ng pagpapalamig ng hangin para sa mga paaralang matatagpuan sa sona ng klima 2
- Palitan ang kumupas na mga alarma ng sunog at baguhin ang mga sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya

### Pag-igihin ang Aksesibilidad ng Paaralan at mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo

- Pag-igihin ang aksesibilidad para sa mga taong may kapansanan at sumunod sa Batas ng Mga Amerikanong May Kapansanan (ADA) at Titulo 24
- Ayusin ang nalulumang naililipat na mga silid-aralan upang sumunod sa mga pag-aatas ng kodigo

### May Kalidad na mga Paaralang Pangkapitbahayan

- Pagandahin ang mga pasilidad ng pisikal na edukasyon, atletiko at palaruang damuhan

### **Paaralang Audubon K-8**

#### Pagkumpuni at Pagpapalit sa mga Sistema ng Gusali

- Iwasto ang mga kakulangang panloob at panlabas kabilang ang mga kintab at kagamitan
- Ayusin o palitan ang nasira o nabasag na mga hardscape at panlabas na impraestruktura
- Ayusin o muling baguhin ang ibabaw ng mga kapatagan ng paradahan at palaruang nabubulok

- Ayusin o palitan ang mga kamerang pangseguridad
- Palitan o baguhin ang napaglumang mga sistemang pangkuryente, lumang mga panel ng kawad at kuryente
- Ayusin o palitan ang mga sistema ng bubungan
- Ayusin, palitan ang kupas o nasirang mga pintuan at bintana
- Pagpapalit ng lumang mga gamit ng ilawan at mga pangsindi ng ilaw na ploresent
- Pakinisin at baguhin ang ibabaw ng mga sahig ng entablado kahoy, himnasyo at silid-aralan
- Baguhin ang lumang mga sistema ng tubo at imburnal
- Mga Pagbabago sa Paaralan Upang Suportahan ang Pagkatuto at Pag-aaral ng Estudyante
- Magkaloob ng pinakamakabagong teknolohiya sa silid-aralan at pagtuturo na kinakailangan para sa pag-aaral ng estudyante at pagtuturo sa ika-21 siglo
- Baguhin ang may kawad at walang kawad na impraestruktura at kagamitan upang suportahan ang mga sistema ng teknolohiya at gamitin ang mga panumbas na pondo ng pederal at estado para sa mga programa ng teknolohiya ng paaralan

#### Mga Pagbabago sa Paaralan Upang Suportahan ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad ng Estudyante

- Magkaloob ng mga pagpapabago sa seguridad ng lugar ng paaralan, kabilang ang pinaraming ilaw, bakod, at mga pananggalang laban sa paninira at panghihimasok
- Baguhin at palakihin ang mga lugar at kusina ng pagkain ng estudyante
- Palitan ang kumukupas na mga alarma ng sunog at baguhin ang mga sistema ng komunikasyong pang-emerhensiya

#### Pag-igihin ang Aksesibilidad ng Paaralan at mga Pagpapabago sa Pagsunod sa Kodigo

- Pag-igihin ang aksesibilidad para sa mga taong may kapansanan at sumunod sa Batas ng Mga Amerikanong May Kapansanan (ADA) at Titulo 24

#### May Kalidad na mga Paaralang Pangkapatbahayan

- Pagandahin ang mga pasilidad ng pisikal na edukasyon at pang-atletika, kabilang ang bagong himnasyo at palaruang damuhan

### **Paaralang Elementarya ng Baker**

#### Pagkumpuni at Pagpapalit sa mga Sistema ng Gusali

- Ayusin o palitan ang luma/nasisirang mga sistema ng tubo at imburnal
- Ayusin o palitan ang nasira o nabasag na mga hardscape at panlabas na impraestruktura
- Ayusin ang nasirang panloob at panlabas na mga kintab at kagamitan
- Ayusin o muling baguhin ang ibabaw ng mga kapatagan ng paradahan at palaruang nabubulok
- Ayusin o palitan ang mga pintuan at bintana
- Ayusin o palitan ang mga kamerang pangseguridad
- Ayusin o baguhin ang napaglipasang mga sistemang pangkuryente, lumang mga panel ng kawad at kuryente
- Ayusin o palitan ang mga sistema ng bubungan
- Pagpapalit ng lumang mga gamit ng ilawan at mga pangsindi ng ilaw na ploresent
- Muling pagpatag sa ibabaw at paggrado ng nagibang granito na mga palaruan at bakuran

#### Mga Pagbabago sa Paaralan Upang Suportahan ang Pagkatuto at Pag-aaral ng Estudyante

- Magkaloob ng pinakamakabagong teknolohiya sa silid-aralan at pagtuturo na kinakailangan para sa pag-aaral ng estudyante at pagtuturo sa ika-21 siglo
